

PAGSISIMULA

TALAAN NG MGA TATALAKAYIN

- Pagpili ng Paksa
- Mga Halimbawa ng Proyekto
- Mga Paraan sa Pagkuha ng mga Paksang Binuo ng Estudyante
- Pagpili ng Paksa ng Proyekto
- Pagtatatag ng mga Grupo

Pagpili ng Paksa

Mahalaga para sa mga estudyante na maramdaman na ang proyekto ay may kaugnayan sa kanila. Ang katunayang ito ang dapat na maging batayan kung paano oorganisahin ang klase para sa proyekto at kung paano pipiliin ang paksa ng proyekto. Tiyaikin na kumonsulta sa mga patakaran ng paaralan at distrito tungkol sa mga proyekto, field trip, at mga gawain sa serbisyo ng estudyante—maaaring may kinalaman ito sa kakayahang maisakatuparan ang ilang proyekto.

Ang bahaging ito ay maglalarawan ng mga paraan sa pagpili ng paksa ng proyekto, kasama ang mga kalakasan at kahinaan ng bawat pamamaraan.

Mga Paksang Binuo ng Guro

Kung alam mong mahaharap ka sa napakahigpit na limitasyon sa oras at/o mga kagamitan, ang paggawa ng listahan ng mga paunang aprubadong paksa ay isang paraan upang matiyak na matatapos ng mga estudyante ang kanilang mga proyekto. Ang pag-aalok ng mga posibleng ideya ay maaari ring gamitin upang hikayatin ang iyong grupo na gumawa ng sariling listahan.

Kung ang proyektong pagkatuto sa serbisyo ay pipiliin mula sa listahan ng mga paksa na iyong gagawin, kinakailangan ang pagsasaliksik. Suriin ang listahan ng mga mungkahing paksa sa susunod na pahina, makipag-usap sa ibang guro, o kontakin ang mga lokal na volunteer na organisasyon para sa impormasyon tungkol sa mga proyekto na isinagawa ng ibang grupo ng estudyante. Bago idagdag ang isang paksa sa listahan, isaalang-alang ang iyong limitasyon sa oras at kagamitan, at tukuyin kung ang proyekto ay pasok sa saklaw ng mga limitasyong iyon.

Mga Paksang Binuo ng Distrito

May ilang mga distritong pampaaralan na itinuturing ang mga proyektong pagkatuto sa serbisyo na bahagi ng kanilang mga layuning ayon sa kurikulum (o extracurricular). Sa ilang pagkakataon, ito ay nangangahulugang may mga plano, kagamitan, at suporta na nakahanda na. Maaaring

mayroon nang listahan ng mga potensyal na proyekto na naitatag at naaprubahan sa antas ng distrito.

Bagama't mahalaga na isaalang-alang ang pagpili ng mga estudyante, kung may plano at suporta na para sa isang proyekto na pinili ng distrito, gamitin ito. May mga paraan upang malikhaing ipakilala ang isang paunang aprubadong proyekto na magbibigay sa mga estudyante ng pakiramdam ng kapangyarihan at dedikasyon sa proseso (halimbawa, magdala ng video clip na sumusuporta sa pangangailangan ng proyekto para tugunan ang isang tiyak na isyu, maglaro ng paksang “Jeopardy” upang ipakita ang mga paunang aprubadong proyekto, mag-record ng panawagan para sa suporta). Maaaring handang makipag-usap ang mga kawani ng distrito sa iyong mga estudyante tungkol sa kahalagahan ng proyektong kanilang isinasagawa at magbigay sa kanila ng pampasigla.

Mga Paksang Binuo ng Estudyante

Bagama't ang prosesong ito ay nangangailangan ng medyo mataas na antas ng komunikasyon sa pagitan ng mga estudyante, isang ideyal na sitwasyon ang pagkakaroon ng paksang binuo ng estudyante. Kapag pinili ng mga estudyante na isagawa ang isang proyekto na kanilang sariling likha, nahuhubog ang matibay na pakiramdam ng pagmamay-ari, na nagreresulta sa mas higit na dedikasyon ng estudyante sa proyekto.

Dahil ang pinakamahusay na senaryo ay kinabibilangan ng mga estudyante na gumagawa ng listahan ng mga paksa ng proyekto na interesado sila at pagkatapos ay pipiliin ang isa o higit pa na kanilang pinakainteresado, ang tagumpay ng pamamaraang ito ay nakadepende rin sa paunang dedikasyon ng mga estudyante na seryosohin ang proseso ng pagbuo at pagpili ng mga paksa. Kung ito ay maaaring maging isyu sa iyong klase, tandaan na ang mga proyekto na pinili ng estudyante mismo ang pinakanagbibigay ng kapangyarihan at matagumpay, kahit na ang mga pagpipilian ay nilikha sa ibang paraan.

Mga Halimbawa ng Proyekto

Ang paghikayat sa iyong mga estudyante na gumawa ng proyektong pagkatuto sa serbisyo na kanilang pinili ay ang pinakamahusay na paraan upang matiyak na ang proyekto ay may kaugnayan sa kanila. Gamitin ang sumusunod na listahan ng mga potensyal na proyektong pagkatuto sa serbisyo upang pasiglahin ang pag-iisip ng mga estudyante:

1. Mangolekta at mamahagi ng sapatos at damit sa mga walang tirahan.
2. Mangolekta ng mga laruan para sa mga batang nasa foster care.
3. Mangolekta ng pera para sa isang nonprofit organization (hal., National Urban League, Big Brothers/Big Sisters, ASPCA, American Cancer Society, Farm Aid).
4. Magsulat ng mga aklat pambata at i-donate ito sa mga elementarya.
5. Maglinis ng mga parke sa komunidad.
6. Gumawa ng mga greeting card para sa mga batang nasa ospital.
7. Magtanghal ng isang dula para sa mga senior citizen.
8. Gumawa ng community garden sa bakanteng lote.
9. Magplano ng holiday party para sa mga batang walang tirahan.

Mga Paraan sa Pagkuha ng mga Paksang Binuo ng Estudyante

Maaaring mabuo ang paksa bilang resulta ng isang kaganapang nangyari sa paaralan o sa komunidad, o maaari itong lumitaw mula sa masinsinang talakayan sa klase. Minsan, kailangang dumaan ang klase sa isang sinadyang proseso upang makabuo ng angkop na paksa ng proyekto. Narito ang mga estratehiya upang matulungan ang mga estudyante na isaalang-alang ang potensyal na paksa ng proyektong pagkatuto sa serbisyo at mga pamamaraan upang matulungan kang ipatupad ang mga estratehiyang ito sa iyong klase.

Paghikayat sa Pamamagitan ng Inspirasyon

Ang mga nagawa ng iba na nakagawa na ng proyektong pagkatuto sa serbisyo ay maaaring magbigay sa iyo ng iba't ibang mapagkukunan upang matulungan ang klase na makabuo ng mga paksa.

Upang ipakilala sa iyong mga estudyante ang mga potensyal na proyektong pagkatuto sa serbisyo, gamitin ang mga artikulo, video, at mga panauhing tagapagsalita na maaaring ibahagi ang kanilang karanasan sa paglilingkod sa komunidad. Maghanap ng impormasyon sa mga proyektong naisakatuparan ng mga kilalang tao, kabilang ang mga atleta at artista. Ang pagpapakita sa mga estudyante kung ano ang naabot ng iba ay maaaring magbigay ng inspirasyon at tulong sa kanila upang makabuo ng kahit isang ideya ng proyekto na nais nilang subukan mismo.

Gamitin ang internet upang magsaliksik ng impormasyon tungkol sa mga sumusunod na organisasyon at kaganapan:

- All for Good—www.allforgood.org
- Youth Service America—www.ysa.org
- Do Something—www.dosomething.org
- The VH1 Save the Music Foundation—www.savethemusic.com

Pagtugon sa Mahihirap na Katanungan

Maraming estudyante ang maaaring hindi pa naimbitahang magpahayag ng kanilang opinyon tungkol sa kanilang paaralan, komunidad, o kung paano inilalarawan ang kabataan sa sikat na media. Itanong sa mga estudyante ang mga sumusunod upang makabuo ng talakayan tungkol sa mga paksang ito:

- Ano sa palagay ninyo ang mga “maiinit” na isyu sa inyong komunidad at paaralan?
- Anong mga bagay ang nais ninyong magbago sa inyong komunidad at paaralan?

- Paano sa tingin ninyo tinitingnan ng iba ang inyong komunidad at paaralan?
- Paano ninyo nais na tignan ng iba ang inyong komunidad at paaralan?
- Paano sa tingin ninyo tinitingnan ng karamihang tao ang mga kabataan?
- Sa tingin ninyo, tama ba ang kanilang pananaw?
- Ano ang babaguhin ninyo sa paraan ng pagturing sa inyo bilang kabataan?

Sa talakayang ito, ituon ang pansin sa mga isyu sa halip na agad-agad na magpasiya ng paksa. Ang pagbibigay ng oras sa mga estudyante upang pag-usapan kung ano sa tingin nila ang nangyayari sa mundo ay makatutulong upang masabik sila tungkol sa darating na proyekto.

Ang sumusunod ay isang halimbawa kung paano ang magiging talakayan sa silid-aralan:

- Ano ang mga “mainit” na isyu sa inyong komunidad? *(Maaaring sumagot ang mga estudyante ng: hindi nagkakasundo ang mga tao o hindi gustong magpunta sa aming bayan.)*
- Mas partikular pa, sino ang hindi nagkakasundo? *(Maaaring sumagot ang mga estudyante ng mga tao mula sa ibang henerasyon o ibang etnisidad.)*
- Paano natin matutugunan ito? *(Maaaring sumagot ang mga estudyante ng: iwaksi ang mga istereotipikong pananaw, pagbutihin ang komunikasyon.)*
- Ano ang mga paraan para maiwaksi natin ang mga istereotipikong pananaw? *(Maaaring sumagot ang mga estudyante ng: bumisita sa isang lokal na senior citizens center, mag-organisa ng isang multikultural na event.)*
- Aling mga senior citizen center ang maaari nating bisitahin?
- Alin sa mga ito ang pinakamadaling puntahan?
- Handa ba silang makipagtulungan sa atin? Paano natin ito malalaman?

Ang resulta ng talakayang ito ay magiging listahan ng mga isyu na inaalala ng mga estudyante mo. Kapag natukoy na ang mga isyung ito, oras na upang lumipat mula sa pangkalahatan patungo sa tiyak, isaalang-alang ang bawat isyu at ang mga posibleng opsyon, at tugunan ang mga isyu sa loob ng inyong komunidad. Hilingin sa klase na mangalap ng impormasyon tungkol sa mga

opsyon, kung sino ang maaari nilang makatrabaho, saan sila pwedeng pumunta, at ano ang maaari nilang gawin upang tugunan ang mga isyung ito.

Sa katapusan ng prosesong ito, magkakaroon ka ng detalyadong listahan ng mga opsyon para sa proyektong pagkatuto sa serbisyo na nabuo mula sa sesyon ng magkakasamang pag-iisip o sa pagsusuri ng mga nagawa na ng iba. Sa kabuuan ng talakayan, maaaring naging malinaw na mababa ang interes sa ilang paksa. Marahil, may isang proyekto na natural na naging unang pagpipilian ng mga estudyante. Maaaring mayroon ding iba't ibang angkop na opsyon, sa ganitong kaso, oras na upang gumawa ng ilang desisyon.

Pagpili ng Paksa ng Proyekto

Ang proseso ng paggawa ng desisyon ay magiging madali kung magtatakda ka ng ilang patakaran na susundin dito. Halimbawa, isaalang-alang kung ang desisyon ay gagawin sa pamamagitan ng pagkakasundo o sa pamamagitan ng boto ng nakararami. Kung pipiliin mong gamitin ang huli, talakayin ang kahalagahan ng dedikasyon ng mga estudyante sa anumang proyekto na mapili, kahit na ang paksa ay hindi ang kanilang pinaka-pinaboran.

Maaari mo ring gamitin ang kombinasyon ng boto ng nakararami at pinagkasunduan: unang paliitin ang mga opsyon ng paksa sa pamamagitan ng boto sa pagkakasundo, pagkatapos ay bumoto gamit ang boto ng nakararami upang tukuyin ang panghuling paksa.

Habang umuusad ang proseso ng paggawa ng desisyon, isaalang-alang ang mga opsyon sa pagbuo ng grupo at organisasyon na tinalakay sa seksyon 1 ng module na ito. Halimbawa, kung tila ang pagpili ng isang proyekto ay nagdudulot ng pagkakahati para matiyak ang matagumpay na kalalabasan, maaaring isaalang-alang ang pag-organisa ng mga estudyante sa dalawang magkahiwalay na grupo na nakatuon sa dalawang magkaibang proyekto.

Pagtatatag ng mga Grupo

Sa puntong ito, napili na ng iyong mga estudyante kung sila ay gagawa ng proyekto bilang isang buong klase, sa maliliit na grupo sa magkakaibang proyekto, o indibidwal sa magkakaibang proyekto. Kung ang proseso ng paggawa ng desisyon ang nagdikta ng pagbuo ng mga grupo ng proyekto o indibidwal na proyekto, magpatuloy na sa yugto ng kontrata. Kung ang buong klase ay magtutulungan gumawa sa parehong proyekto, makipagtulungan sa mga estudyante upang bumuo ng maliliit na grupo na magtutuon sa pagpapalano ng iba't ibang aspeto ng proyekto.

Maaaring bumuo ng mga grupo sa iba't ibang paraan:

- **Random:** Magtalaga ng mga estudyante sa grupo base sa buwan ng kapanganakan, pangalan na nasa pagitan ng dalawang letra ng alpabeto, o kung anong kulay ang suot nila— anumang paraan na random na magtatalaga sa estudyante sa isang partikular na grupo. Bagama't maaaring tutol ang mga estudyante na maihiwalay sa kanilang mga kaibigan, tinitiyak ng pamamaraang ito na makikipagtulungan sila sa iba na hindi nila karaniwang nakakasama.
- **Itinalaga:** Magtalaga ng partikular na estudyante sa partikular na grupo. Binibigyan ka nito ng pagkakataong isaalang-alang ang iba't ibang kalakasan at kahinaan ng estudyante, at pagsamahin ang mga estudyanteng sa tingin mo ay magtutulungan nang maayos at matututo sa isa't isa. Gayunpaman, maaaring magdulot ng pakiramdam ng kawalan ng katarungan sa mga estudyanteng nais makatrabaho ang kanilang mga kaibigan.
- **Sariling pagpili:** Hayaan ang mga estudyante na bumuo ng kanilang sariling grupo. Kadalasan, ito ang pinakapopular na pagpipilian sa kabataan, at nakakatulong na mabawasan ang pakiramdam ng alanganin ng ilang estudyante kapag nakikipagtulungan sa kaklase na hindi nila kilala. Gayunpaman, maaaring magpalala ito o magdulot ng pagiging eksklusibo sa mga estudyanteng may kaunting kaibigan. Maaari mong payagan

ang mga estudyante na pumili ng grupo base sa kanilang gustong gawain. Mababawasan nito ang posibilidad na bumuo lamang ng grupo ng magkakaibigan.

Isaalang-alang ang iyong partikular na mga estudyante at ang dinamika ng klase, at piliin ang pamamaraan ng pagbuo ng grupo na sa tingin mo ay magdudulot ng pinakamatagumpay na karanasan para sa iyong mga estudyante. Anuman ang pamamaraang piliin mo, hikayatin ang bawat grupo na gumawa ng mga patakaran at talakayin ang mga inaasahan sa partisipasyon ng mga miyembro, paghahati ng trabaho, dedikasyon, at iba pa. Gawing pormal ang mga talakayang ito sa pamamagitan ng kontrata ng estudyante.

Pagkatapos makapili ng paksa at makabuo ng grupo ang mga estudyante, hayaang gumawa at pirmahan ng mga estudyante ang kanilang kontrata ng proyekto.